Opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute
Regional Training Center - CaLaBaRZon

# SIKLAB



Ikaanim na Isyu | Hulyo - Disyembre 2019

**Gng. Jean Viñas**
**Magsasaka Siyentista**
**FITS Taytay, Rizal**

"Walang ibang pinakamayaman kundi magsasaka. Isa yan sa nagpapakain sa libo-libong tao. Ang pagsasaka ang tanging kayamanang ipapamana ko sa aking mga anak at apo."

## Mga Nilalaman


2 Patnugutan/Talaan ng Nilalaman

3 PNU South Luzon, wagi sa kauna-unahang Kabataang OA Quiz Bee

Mga inobasyon sa programang School on the Air, matagumpay na isinagawa sa rehiyon

4 Information Caravan ng Rice Competitiveness Enhancement Fund, inilatag sa CALABARZON

5 Mga Kaagapay sa Programa ng ATI IVA, pinarangalan

6 Organiko! Yan ang Produkto

8 Ang Pagsasaka bilang Negosyo

10 AgriTalk 2019: Urban Agriculture Promotion

HiLING: Pagpapala at Pagpupunyagi

11 Paglulunsad ng 2 Coffee Table Books: Agriculturally Awesome at saRiLing ATIn

12 2019 Accomplishments



**Patnugutan**

Tagapayo:
*Marites P. Cosico*
*Mariel Celeste C. Dayanghirang*

Punong Patnugot:
*Rolando V. Maningas, PhD*

Tagapamahalang Patnugot:
*Jamila Monette B. Balmeo*

Mga Manunulat:
*Mariel Celeste C. Dayanghirang*
*Maridelle G. Jaurigue*
*Janine L. Cailo*
*Jamila Monette B. Balmeo*
*Crissel A. Tenolete*

Disenyo/Layout:
*Jamila Monette B. Balmeo*



Opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute Regional Training Center - CaLaBaRZon

SIKLAB

*This publication is a semestral summary of news and updates in the Agricultural and Fishery Extension published by the Agricultural Training Institute - CaLaBaRZon, an attached agency of the Department of Agriculture*

*Write to us in this email: atirtc4a@gmail.com for comments, feedback and suggestions*

**Follow us!**

www.ati.da.gov.ph/ati-4a

046-419-0210

ATICalabarzon

@aticalabarzon

NEWS

## PNU South Luzon, wagi sa kauna-unahang Kabataang OA Quiz Bee

Maridelle G. Jaurigue

Nagwagi ang pambato ng CALABARZON na si Joy Tricia Mae Corpuz mula sa Philippine Normal University (PNU) South Luzon, Lopez Quezon sa kauna-unahang Kabataang OA (Organic Agriculture) Quiz Bee.

Tinalo ni Corpuz ang 14 na delegado mula sa ibat ibang rehiyon sa nasabing patimpalak. Bilang kampeon, tinanggap niya ang tropeyo, P25,000.00 cash at katibayan ng pagkilala na iginawad noong ika-12 ng Nobyembre 2019 sa National Organic Agriculture Congress na ginanap sa Alfonso, Cavite.




Nakuha naman ng kalahok mula sa Bicol University na si Allan B. Aycardo ang ikalawang pwesto, at ang pambato ng Northern Mindanao, Ezekiel Gutay na mula sa Ateneo de Cagayan -Xavier University ang ikatlong pwesto.

Ang ATI CALABARZON ang utak sa Kabataang OA Quiz Bee na isinasagawa sa rehiyon sa nakalipas na apat na taon. Ito ay naglalayong hikayatin ang mga kabataan na maging aktibo sa pagpapalaganap ng organikong agrikultura sa rehiyon. Layon din nito pukawin ang kanilang interes na tunguhin ang mga propesyong pang-Agrikultura at bigyan ng mas malalim na pagpapahalaga ang pagsasaka.

Taong 2019 ng ito ay maging isang nasyunal na kompetisyon, na ipinatupad ng Agricultural Training Institute at Department of Agriculture.

Ang unang Pambansang Kabataang OA (Organic Agriculture) Quiz Bee ay naganap noong ika-5 ng Nobyembre 2019, sa Los Baños, Laguna. Ito ay nilahukan ng mga estudyanteng kumukuha ng kursong Agrikultura mula sa mga State Universities and Colleges (SUCs) sa buong bansa.

## Mga inobasyon sa programang School on the Air, matagumpay na isinagawa sa rehiyon

Maridelle G. Jaurigue

Tatlong School on the Air o SOA program ang matagumpay na isinakatuparan ng ATI Reg. IVA, patungkol sa pagmamaisan, paghahayupan at organikong pagsasaka.

Ito ay ang, "MAISKWELAHAN: Isang Radyo Eskwela sa Batangas" na tumugon sa pangangailangan ng mga magmamais sa lalawigan ng Batangas; "ATIng Eskwelahan: Hayop na Pangkabuhayan" na nakatuon sa pagpapalawig ng kaalaman ukol sa paghahayupan ng mga kumukuha ng kursong Agrikultura mula sa anim na State Universities and Colleges (SUCs) sa rehiyon; at "Talakayang Organiko sa Rizal," tumugon sa pangangailangan ng magsasaka sa lalawigan ng Rizal.

Sa kabuuan ay nakapagtala ng 1,927 na mag-aaral na nagtapos mula sa tatlong programa.

Ang programang SOA ay isang uri ng "distance learning" na kabilang sa regular na programa ng Agricultural Training Institute. Ito ay gumagamit ng ICT (Information & Communication Technology) tools katulad ng radyo, telebisyon, SMS o Short Message Service at internet upang maipalaganap ang impormasyon ukol sa kumpletong POT o Package of Technology.

Sa taong ito, isinagawa ang unang SOA ukol sa paghahayupan na gumamit ng Youtube, isang plataporma kung saan maaring makapanood ang user ng mga video, lumikha, at i-share ito sa iba pang users. Alinsunod sa pamantayan sa pagpapatupad ng isang SOA, dumaan din sa mga mahahalagang gawain ang programang, "ATIng Eskwelahan: Hayop na Pangkabuhayan." Kabilang dito ang pag-aanalisa ng pangangailangan ng kalahok, konsultasyon sa mga katuwang sa programa, paglikha ng mga modyul at nilalaman ng mga paksa at pag-shoot at pag-edit ng videos.

Paliwanag ni John Marvin Boongaling, hinirang na Top 2 sa SOA na ATIng Eskwelahan: Hayop na Pangkabuhayan mula sa Batangas State University - Lobo Campus, "Na-experience ko dito na sa simpleng pag-aaral at panonood ng Youtube, maraming napulot na kaalaman na magagamit sa hinaharap."

## NEWS

"Ito ay magsisilbing binhi sa aming buhay na may isang mayabong na aanihin." Ang mga napiling tatlong pinakamahusay na kalahok sa bawat SUC ay ginawaran ng extension support, bilang panimula na pangkabuhayan at paraan upang maisagawa ang kanilang natutunan sa programa.

Isa pang naging inobasyon ng SOA ay ang "Meet and Greet" na isinagawa naman para sa SOA na, MAISKWELAHAN: Isang Radyo Eskwela sa Batangas. Sa Meet and Greet, live na napapakinggan at napapanood ng mga mag-aaral ang pagsasa-himpapawid ng programa sa isang napiling munisipyo na kalahok sa SOA. Tampok din sa nasabing aktibidad ang quiz bee na nilalahukan ng mga magsasaka, at ang mas malalim na diskusyon sa isang napiling paksa na inihahatid ng eksperto mula sa Tanggapan ng Panlalawigang Agrikultor.




Samantala, lahat ng aralin at episode na isinahimpapawid ng "Talakayang Organiko sa Rizal," katuwang ang 702 DZAS AM ay maaaring mapanood sa opisyal na Facebook page ng ATICALABARZON. Sa paraang ito ay nababalikan ng mga mag-aaral ang mga paksang natalakay ng mga eksperto.

Ang mga ipinatupad na SOA ay magsisilbing gabay ng mga kalahok ng programa tungo sa sistematiko at matagumpay na agri-business enterprise na pang agrikultura at paghahayupan.

## Information Caravan ng Rice Competitiveness Enhancement Fund, inilatag sa CALABARZON

Crissel A. Tenolete



Sinimulan ng Agricultural Training Institute (ATI) Regional Training Center IV-A ang serye ng Information Caravan patungkol sa Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) sa pamamagitan ng pang-rehiyong Info Caravan sa Ouan's The Farm Resort, Lucena City, Quezon, ika - 24 ng Setyembre 2019.

Ang anim na parteng serye ng Info Caravan ay naglalayon na ipalaganap ang impormasyon tungkol sa RCEF sa mga Agricultural Extension Workers (AEWs), kooperatiba at samahan ng mga magsasaka sa 38 munisipalidad ng Cavite, Laguna, at Quezon. Kaakibat nito, ang apat na komponahe ng programa: Seed Program, Mechanization Program, Credit Program, at Extension Program.

Dinaluhan ng mga pangunahing ahensya na magsasakatuparan ng RCEF ang nasabing pang-rehiyong programa. Kinatawan ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) si Adrastus T. Gesmundo, ang PhilRice naman ay kinatawan ni Jacqueline Canilao, para naman sa LandBank ay dumalo si Maribeth Mascarina. Ang PhilMech, sa pangunguna ni Josephine Valdez, ay dumalo sa sumunod na pang-probinsyang Info Caravan na ginanap sa Victoria, Laguna noong ika - 25 ng Setyembre 2019.

Dagdag pa rito, nagbigay ng karagdagang kaalaman sina Rolando Cuasay at Josephine Braganza ng Department of Agriculture Regional Field Office (DA RFO) IV-A.

Bukod sa paglalatag ng programa ng mga nasabing ahensya, tumayo rin sila bilang kinatawan ng panel na siyang sumagot sa mga katanungan ng mga magsasaka at AEWs. Binigyang diin ng mga ahensya ang pangunahing pangangailangan ng magsasaka at mga samahan para matanggap ang benepisyo ng RCEF. Ito ay ang pag-rehistro sa Registry System for Basic Sectors in Agriculture (RSBSA).

Ang mga sumunod ay iba pang pang-probinsyang Info Caravan na naganap:

| | |
|---|---|
| Okt. 1, 2019 (Laguna) | Sta. Cruz, Mabitac, Santa Maria, Majayjay, Pangil, Siniloan, Cavinti, Luisiana |
| Okt. 2, 2019 (Quezon) | Sariaya, Candelaria, Lucena City, San Antonio, Tiaong, Infanta, Lucban, Tayabas City, General Nakar, Mauban |
| Okt. 3, 2019 (Quezon) | Tagkawayan, Lopez, Pagbilao, Gumaca, Guinayangan, Calauag, Alabat, Panukulan |
| Okt. 8, 2019 (Cavite) | Naic, Maragondon, General Trias, Imus, Tanza |

NEWS

## Mga Kaagapay sa Programa ng ATI IVA, pinarangalan

Janine L. Cailo







LUNGSOD NG TRECE MARTIRES- Matagumpay na idinaos ng Agricultural Training Institute Region IV-A ang pangalawang taon ng ATIng Parangal noong ika-6 ng Disyembre 2019.

Tampok sa pagdiriwang ang temang "Nagkakaisang Pagkilos Tungo sa mas Mataas na Kalidad ng Paglilingkod sa Rehiyon CaLaBaRZon" na may layon mabigyan ng karangalan at pagkilala ang mga kaagapay at haligi ng ahensya na nagpakita at nagbigay ng malaking tulong sa mga programa at proyekto ng ATI IVA.

Sa mensahe ni Gng. Marites Piamonte-Cosico, Center Director ng ATI IVA, hinayag niya ang kaniyang lubos na pasasalamat sa mga ahensya na nagbahagi ng kanilang suporta sa iba't ibang proyekto ng ahensya. "Alam ko pong hindi sapat ang mga plake at sertipikong aming igagawad, at maging ang masigabong palakpakan na inyong matatanggap, para tumbasan ang inyong mga pagsisikap at dedikasyon bilang katuwang ng ATI Calabarzon. Pero hayaan nyo pong ang mga ito ay magsilbing simbolo ng inyong tagumpay sa araw-araw nyong pakikipaglaban at pakikibaka bilang mga natatanging kaagapay ng aming ahensya," aniya ni Gng. Cosico.

### Mga pagkilala at karangalan na iginawad sa iba't ibang kategorya:

**Mga Nagtagumpay sa Pambansang Patimpalak**
2019 National Kabataang OA
• Philippine Normal University- South Luzon
• Ms. Joy Tricia Mae P. Corpuz
(2019 Kabataang OA National Quiz Bee Champion)

2019 National 4H Winners
• Mr. Joshua N. de Villa, 4H City of Sto, Tomas, Batangas, Original Music
• Mr. Mark C. Libuna, 4H City of San Pablo, Laguna, Spoken Word Poetry

**Mga Kaagapay na Lokal na Pamahalaang Panlalawigan sa Agrikultura at Paghahayupan**
• Lalawigan ng Cavite
• Lalawigan ng Laguna
• Lalawigan ng Batangas
• Lalawigan ng Rizal
• Lalawigan ng Quezon

**Pinaka-aktibong Kaagapay na Pambansang Ahensya**
• Department of Agriculture-RFO IVA
• Philippine Rice Research Institute- Los Baños Branch
• Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization
• Department of Tourism- Region IV-A
• DA- Regional Crop Protection Center IVA
• Bureau of Fisheries and Aquatic Resources-Region IVA
• BPI- Los Baños National Research and Development Center

**Pinaka-aktibong Kaagapay na Pambansang Ahensya**
• Philippine Coconut Authority- Region IVA
• Department of Education- Region IVA
• Technical Education and Skills Development Authority-Region IVA
• DA- Agricultural Credit Policy Council
• Philippine Crop Insurance Corporation -Region IV
• Southern Tagalog Agriculture, Aquatic and Resources Research Development and Extension Consortium
• Landbank of the Philippines- Trece Martires City Branch

**Mga Aktibong Kaagapay sa Pribadong Sektor**
• ABF Integrated Farms and Agribusiness Center, Inc.
• Teofely Nature Farms, Inc.
• MoCA Family Farm & RLearning Center
• Flor's Garden and Nature Haven Inc. and Ed Tarriela Learning Center and Farm
• Terra Verde Ecofarms, Inc.
• Costales Nature Farm
• Villar SIPAG Foundation
• Uma Verde Econature Farm, Inc.

**Natatanging Kaagapay sa mga Espesyal na Proyekto**
I. Hiling Program
• Balane Family- Brgy. Olong-Tao, Macalelon, Quezon
• Ms. Rosemarie Salagubang- Agricultural Technician, Macalelon, Quezon

**Natatanging Kaagapay sa mga Espesyal na Proyekto**
II. Kabataang de Kalibre
• ABF Integrated Farms and Agribusiness Center, Inc.

III. Agribuhay
• Rizal Native Chicken Raisers' Association, Rizal, Laguna
• Tanggapan ng Pambayan Agrikultor, Rizal, Laguna

IV. Sustainable Pig Farming
• Balitoc Fisherfolks and Farmers Association, Calatagan, Batangas
• Tanggapan ng Pambayang Agrikultor, Calatagan, Batangas

V. Climate Resilient Agriculture
• Astrera Family- Brgy. Magsikap, General Nakar, Quezon
• Tanggapan ng Pambayang Agrikultor, General Nakar, Quezon

VI. Techno Gabay Program
• Ms. Lorna C. Matel
• Partner Agency, Cavite State University

COVER STORY

# ORGANIKO! YAN ANG PRODUKTO

Jamila Monette B. Balmeo





## ANG PAMILYA VIÑAS

"Gusto ko talaga yung nagtatanim ako kasi sumisigla ang buhay ko. Na-eexercise ako. Sa pagtatanim kahit magkasakit ako, nakakarecover kaagad ako kasi ang mga halaman ang nagbibigay lakas sa akin," bungad ni **Gng. Jean Viñas**, 55 taong gulang, isang Magsasaka Siyentista ng Farmers Information and Technology Services (FITS) Center ng Taytay, Rizal. Ikaanim sa sampung magkakapatid, bata pa lamang ay natuto nang magsaka si Jean sa kanilang 25 ektaryang lupain sa Bicol dahil na rin sa impluwensya ng kanyang magulang na magsasaka rin. "Tinuro sa aming magkakapatid kung paano pagyamanin ang lupa. Ang magsasaka sabi ng magulang ko, ang yaman na nasa lupa," ani ni Jean. Hanggang sa siya ay nag-asawa, nagkaroon ng sariling pamilya at nanirahan sa Taytay, Rizal ay pinagpatuloy pa rin niya ang pagsasaka. Katuwang niya ang kanyang asawa na si G. Arcy Viñas, 57 taong gulang, sa araw-araw na pagsasaka. Si Arcy ay dating namamasukan sa isang pribadong kumpanya na kalaunan ay umalis siya at tinulungan si Jean sa pag-aasikaso sa sakahan.

Maging ang dalawang anak ni Jean ay nahilig na din sa pagsasaka. Si Jennylyn, 25 taong gulang, ang nangangasiwa sa kanilang taniman ng gulay. "Ang pagsasaka ang binuhay sa amin ng aking magulang. Ito ang nagsuporta para makapagtapos kami," saad ni Jennylyn. Samantala si Jonathan, 21 taong gulang ay nagsasaka na rin. Nakatapos si Jonathan ng kursong Agrikultura sa tulong na rin ng scholarship program ng ATI.

## ANG ORGANIKONG PAGSASAKA

Sa loob ng dalawampung taon ay patuloy na isinasagawa ni Jean ang organikong pagsasaka. "Ang organic, bukod sa masarap ang lasa ay malayo sa anumang sakit," batid niya. Pinamamahalaan niya ang dalawang organikong sakahan, ang 3,000 sqm na sariling lupain at isang ektarya na techno demo farm na siya rin ang nagsisilbing cooperator nito. Mayroon siyang tanim na ampalaya, pipino, cherry tomato, kamatis, lettuce, Chinese kangkong, siling labuyo, siling panigang, sitaw, patola at upo gayundin ang guava jelly, saging, rambutan, santol at indian mango. Para masiguradong ligtas ang kanyang mga pananim, si Jean na rin mismo ang gumagawa ng kanyang sariling organic concoctions tulad ng Fish Amino Acid, Fermented Plant Juice at Fermented Fruit Juice.





Malaki ang demand ng organikong produkto sa kanilang komunidad. Dahil sa kilala na rin si Jean na nagtatanim ng mga organikong gulay ay marami na ang bumibili sa kanya. "Kulang na kulang pa dito sa komunidad lang namin dahil minsan mayroong maramihan bumili. Ayaw nilang maubusan. Minsan nag-uunahan pa," sabi ni Jean. Hindi na nahihirapang ibenta pa ang kanyang mga organikong pananim. Sa katunayan, "yung bumibili sa akin nagkwekwento rin sa iba na dito na sila bumili sa akin dahil organiko. Sila na rin ang nag-aanyaya sa ibang mga tao na sa amin na bumili," banggit pa ni Jean. Malaki ang tulong pinansyal ng organikong pagsasaka kay Jean at sa kanyang buong pamilya. Lahat ng ikinabubuhay nila ay dulot ng pagsasaka.

COVER STORY

Labis ang kanyang kagalakan sa mga tumatangkilik ng kanyang mga organikong produkto. "Natutuwa ako kapag sinasabi sa akin ng mga mamimili na masarap ang produkto ko dahil napatunayan ko sa kanila na hindi pala ako nagkamali ng hakbang. Ligtas ang kanilang kinakain," pagbabahagi ni Jean.

Aktibo rin si Jean sa pagpapalaganap ng organikong pagsasaka sa kanilang lugar. Siya ay kabilang sa ilang asosasyon tulad ng Magsasaka ng Muzon, Municipal Agriculture and Fishery Council (MAFC) at Rizal Vegetable Council of Taytay kung saan siya ang pangulo.

## BILANG MAGSASAKA SIYENTISTA

Taong 2018 nang hirangin si Jean bilang Magsasaka Siyentista (MS) ng FITS Center Taytay, Rizal. Para kay Jean, malaking gampanin ang maging MS. Hindi lamang ito nakasaad sa papel kundi isang responsibilidad.



"Ang Magsasaka Siyentista marami ka dapat tuklasin sa iyong pagsasaka. Ikaw mismo magtutuklas ka kung ano ang mga bagay na dapat mong gawin para sa iyong sinasaka na mas lalo pang ikabubuti ng komunidad," paliwanag niya. Dagdag pa ni Jean na malaking tulong ang naidudulot ng pagiging MS niya dahil marami siyang natutuklasang makabagong pamamaraan sa pagsasaka. Dahil isang techno demo farm ang kanyang sakahan, marami na ring mga mag-aaral at guro ang bumibisita sa kanya para magpaturo magpatubo, mag-alaga at magpalago ng halaman. "Willing na willing ako i-share ang aking nalalaman para hindi lang ako ang matuto maging sa mga henerasyon pang darating maituro rin nila yun. Kung mawala man ako, may naibahagi ako sa buhay nila," kwento ni Jean.

## BUNGA NG PAGSISIKAP

Dahil sa masigasig sa pagtuklas ng mga makabagong impormasyon at teknolohiya, si Jean ang madalas na pinapadala ng Municipal Agriculture Office ng Taytay sa mga pagsasanay. "Masipag, masigasig, madaling mag adopt sa mga technologies at saka talagang nagre-research siya. Nakaka-engganyo rin siya sa ibang mga farmers namin na mag practice ng organic farming. Malaki ang naitutulong niya hindi lamang sa organikong pagsasaka kundi sa paggugulayan din," sambit ni Gng. Myrna Custodio, Municipal Agriculturist ng Taytay. Hindi na mabilang ang dami nang nilahukan pagsasanay ni Jean. Ilan lamang ang School on Air, Training on Good Agricultural Practices, Vegetable Farming at Farm Business School. "Hindi ko malalaman ang teknolohiya na ganito kung wala sa mga seminar. Dahil sa ATI at Department of Agriculture, napakalaki ng pasasalamat ko dahil sa kanila kaya andun ako sa stage na nalalaman ko ang makabagong teknolohiya at gusto ko hindi ako huminto sa pagtuklas ng makabagong teknolohiya pa para sa akin at para sa aking mga apo," bigkas niya. Ayon kay Jean, ini-aapply agad niya ang mga natutunan sa pagsasanay sa kanyang sakahan.

Sa kanyang pagsisikap, nakamit niya ang parangal bilang "Best Farmers Vegetable Category" sa buong bayan ng Taytay noong 2018. Siya rin ang itinanghal na Grand Prize winner sa "PINAKA-Best Agricultural/Fishery Produce taong 2013.



## ABOT KAMAY NA TAGUMPAY

Marami pang mga pangarap at adhikain ang gustong marating ni Jean. Nais niyang mapalawig pa ang kanilang sakahan lalo't higit mapalawak pa ang kaalaman sa mga makabagong impormasyon at teknolohiya sa pagsasaka. Hindi siya hihinto sa pagtuklas at maibahagi ang kanyang mga natutunan. Para kay Jean, "sa akin hindi ko pa masasabi na tagumpay na ako ng lubusan kasi mayroong pang teknolohiya na hindi pa sa akin naituturo lahat. Yun ang gusto kong marating pa. Kung ano pa yung teknolohiya na darating sa mga magtuturo sa akin ay tatangkilikin ko yun. Dun ko masasabi na tagumpay na tagumpay na ako at ia-apply ko yun sa aking pagtatanim."

*FEATURE STORY*

# Ang Pagsasaka bilang Negosyo

Janine L. Cailo



## Ang Pagsasaka bilang Negosyo

"Kailangan negosyo ang ating paghahalaman, kinakailagan tayo ay kumita," ani **G. Josue M. Barcelos** o mas kilala sa tawag na Ka Josue sa kanyang komunidad, isang retiradong punong-guro sa elemetarya at sa kasalukuyan ay isang negosyante at magsasaka mula sa bayan ng Rosario, Batangas.

## Pagsisimula

Bata pa lamang si Ka Josue nang siya ay mamulat sa pagsasaka. Palibhasa ang kaniyang magulang ay nagsasaka, siya at ang kaniyang mga kapatid ay tumutulong na sa gawaing pang bukid.

Nakapagtapos sa kursong edukasyon sa taong 1968 at bagama't mahigit isang dekada siya hindi nagturo, pumasok si Ka Josue at ang kaniyang asawa sa iba't ibang negosyo tulad nang pagtitinda.

Taong 1979, nang siya ay nagsimula magturo sa bayan ng Rosario, Batangas at na-destino sa iba't ibang mababang paaralan.

Ang kanyang kakayahan at natutunan sa pagtatanim ay kaniyang nadala sa larangan bilang guro. Maliban sa pagtuturo, siya rin ang namahala sa gulayan ng paaralaan na kanyang pinapasukan.

Sinimulan din ni Ka Josue humiram nang lupa at linangin hanggang siya ay makabili ng sariling sakahan sa Brgy. San Isidro, Rosario, Batangas.

## Isang Agripreneur

Noong 2002, nagretiro si Ka Josue sa pagtuturo at "full-time" na niyang naasikaso ang kanyang negosyo at ang pamamahala sa kaniyang tatlong ektaryang sakahan.

"Bilang magsasaka tayo, dapat wala tayong sayangin na lugar sa ating farm. Halos ng puwede tamnan ay itanim mo dahil nakakamenos din sa ating gastos," payo ni Ka Josue sa kapwa magsasaka upang tumaas ang ani ng sakahan. "Yung kita natin sa ibang halaman, ay ibabawas natin sa ating naging gastos," dagdag pa niya.



Ilan lamang ito sa mga estratehiya ni Ka Josue sa pagpapatakbo niya ng kaniyang sakahan na Mango Grove Agricultural Farm. Dagdag pa niya, sa kanyang pamamahala ng kaniyang bukid ay ang pagpapababa nang gastusin sa produksyon ng pagtatanim. "Kahit mababa ang tumatakbong presyo sa merkado ay tutubo pa rin tayo, kikita pa rin tayo," paliwanag ni Ka Josue.

FEATURE STORY

Ang mg pangunahing tanim ni Ka Josue ay palay, mais, mani at mga iba't ibang gulay. Maliban sa "integrated farming," pinagpapalit din niya ang mga tinatanim niya sa iba't ibang panahon upang maiwasan ang paggamit ng kemikal at mapapababa ang gastos sa pagtatanim. Gumagamit din si Ka Josue nang sariling gawang natural na pestisidyo at pataba na mula sa mga materyales na makikita sa paligid ng bukirin.



Sa kasalukuyan ang bukirin ni Ka Josue ay isang certified Good Agricultural Practices (GAP) sa puting mais at mani.

Mayroon siyang dinagdag na mga pasilidad sa kanyang sakahan, tulad ng silid para sa mga kemikal na pataba at pestisidyo, mga kagamitan para sa mga sakahan at mga makina, palikuran, at lugar para sa produksyon.

"Malaki ang naging pagbababago simula nuong naging GAP certified, tulad ng tapunan ng ginamit na panlason sa palay ay talagang binabaon natin. Mayroon tayong washing facilities at meron din tayong mga equipment na tinatanggap sa gobyerno bilang pagiingat, ay meron sadyang lalagyan pati ang mga gamit at bihisan ng mga magtratrabaho ay may kaniyang rin tayong lugar," ayon kay Ka Josue.

Kaalinsabay nito, noong 2019, ang Mango Grove Agricultural Farm ay nabigyan nang sertipiko bilang isang Learning Site for Agriculture ng Agricultural Training Institute (ATI) Region IV-A.

## Aktibong magsasaka

Ayon nga sa kasabihan, "kalabaw lamang ang tumatanda." Sa kasalukuyan, nasa 74 na gulang na ngayon si Ka Josue at dala pa rin niya ang sigla at lakas sa pakikilahok sa mga pagsasanay mula sa lokal na pamahalaan hanggang sa pang-rehiyunal na gawain. Sa katanuyan, siya ay isa sa Magsasaka Siyentista (MS) nang Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng bayan ng Rosario.

"Para sa akin, ang una at malaking tulong na naibigay ng gobyerno ay ang mga trainings nila na binibigay nila sa atin, yung pinaparating nila sa atin at mga impormasyon tungkol sa pagsasaka," ani Ka Josue.

Gayundin, mayroon din siyang hinahawakan na posisyon sa mga asosasyon ng magsasaka tulad na lamang ng Irrigator's Association at Rice Seed Grower.

Dinadayo din ng iba't ibang grupo ng mga magsasaka mula sa ibang bayan at probinsya ang kaniyang sakahan. "Ito ang aking adbokasiya, na maturuan at maibahagi ko ang aking mga natutunan at nalalaman," aniya Ka Josue.

Ayon kay Ka Josue, patuloy pa rin niya pagyayamanin ang kaniyang kakayahan at kaalaman upang sa mga susunod na taon ay magkapagsagawa na ng pagsasanay sa kanyang Learning Site gayundin na balang araw ay maging farm tourism site ang Mango Grove Agricultural Farm.






NEWS

## AgriTalk 2019: Urban Agriculture Promotion

Jamila Monette B. Balmeo

DASMARIÑAS CITY, Cavite – Pinangunahan ng Agricultural Training Institute (ATI) sa pakikipagtulungan sa Manila Bulletin Publishing Corporation, Agriculture Magazine at Bureau of Agricultural Research ang AgriTalk 2019 na may temang "Urban Agriculture Promotion" noong ika – 29 ng Oktubre 2019 sa SM City Dasmariñas sa lalawigan ng Cavite. Layunin nito na maibahagi ang mga makabagong impormasyon at teknolohiya sa pagsasaka gayundin ang magbigay kaalaman sa oportunidad na dulot ng pagsasaka sa mga urbanisado at industriyalisadong lugar.



May kabuuang anim na daang indibidwal ang nakilahok kabilang na ang mga mag-aaral, magsasaka, miyembro ng Rural Improvement Club at Agri-enthusiasts. Nakatuon ang paksa sa Square Foot Gardening ni Retired Police Officer Honorio Cervantes ng Rehiyon X; Beekeeping ni Professor Pedro Jose De Castro; at Mushroom Production at Processing ni Ms. Marilyn Gonzales ng Department of Agriculture-Regional Field Office IV-A. Inihayag naman ni Gng. Marites Piamonte – Cosico, Center Director ng ATI CaLaBaRZon, ang suporta sa programa, "Ang ATI kasama ang iba't ibang ahensya at media kabilang na ang Manila Bulletin, Agriculture Magazine at Bureau of Agricultural Research ay patuloy na magkakaisa at magtutulungan para ihatid ang impormasyong pang-Agrikultura. Isa pa lamang ang AgriTalk sa mga programa na nagnanais na magbukas ng kaalaman sa kabutihang dulot ng Agrikultura."

Ang AgriTalk ay free seminar na naglalayong i-promote ang Urban Agriculture. Ang isinagawang AgriTalk sa CaLaBaRZon ang ikaapat at huling leg sa taong 2019.

## HiLING: Pagpapala at Pagpupunyagi

Mariel Celeste C. Dayanghirang

ALITAGTAG, Batangas - Sa kinang ng mga mata ng mga bata at matamis na ngiti, walang katapusang pasasalamat at yakap na mahigpit, ang nagsisilbing inspirasyon ng ATI-Region IVA upang ipagpatuloy ang programang HiLING na nasa ikaapat na taon na. Ang HiLING ay nagmula sa mga Ingles na salitang High-impact, Location-specific, Institution-centered, Need-based at Goal-directed. Nilalayon ng programang magkaroon ng pangmatagalang resulta, nakatutok sa bayang nasa 4th-5th class ang kategorya, nakasentro sa pamilya bilang pangunahing institusyon ng lipunan, tutugon sa tunay na pangangailan ng tao at ng lugar at nakaakma sa pambansang mithiin, ang nagsilbing konsepto at gabay sa pagpapatupad ng programa. Mula noong 2016 hanggang sa 2019, may 84 pamilya na ang nakinabang sa programa na may kabuuang 336 katao.

Sa taong 2019, ang bayan ng Alitagtag sa lalawigan ng Batangas, na may 15 pamilya, ang pinagtuunan ng pansin ng programa mula sa Barangay Tadlac. Noong Nobyembre 27, 2019, nagsama-sama ang 15 pamilya na may 60 indibidwal ( 15 tatay, 15 nanay, 15 kabataan at 15 bata) kasama ang iba't-ibang ahensya kaagapay ng ATI-Region IVA sa pagpapatupad ng programang HiLING upang saksihan ang pagtatapos ng kanilang Farm Business School at Farmers' Field School.




Dumalo sa nasabing okasyon si Mayor Edilberto Ponggos at kanyang mga kasamahan sa LGU, mga kinatawan mula sa MDRRMO, Philippine Coconut Authority, Municipal Agriculturist Florencia Reyes, AT Lorna Catibog, Ma. Theresa Hernandez ng Batangas State University, kinatawan mula sa DA-RFO IVA, Barangay Kapitan ng Tadlac, Alberto Maranan at kanyang mga konsehal.

Isang buwan bago ang nasabing pagtatapos, ang ATI-Region IVA ay nagawaran ng Phil EASNET, isang pambansang kalipunan ng mga nagpapatupad ng mga "extension services" sa buong Pilipinas,

NEWS

HiLING: Pagpapala at Pagpupunyagi...

ng Natatanging Extension Program (Outstanding Extension Program) noong Oktubre 9,2019 sa Bohol para sa programang HiLING. Kasabay nito ay ginawaran din ng STARRDEC, ng 2nd Best Extension Project para rin sa programang HiLING. Ang dalawang nasabing kaganapan ay kinatawanan ni Mariel Dayanghirang at Rolando Maningas.

Isang malaking pagpapala, karangalan, at pasasalamat sa mga kumilala sa mga pagsusumikap ng ATI-Region IVA. Higit na pagpupunyagi at pagbibigay ng makabuluhang programa ang ipagkakaloob ng ahensya upang matugunan ang pangangailangan ng mga taga CaLaBaRZon.



mula p5...

**Natatanging Kaagapay na Agricultural Extension Worker (AEW)**

I. Rice Program
• Mr. Randy F. Leonido, Lucban, Quezon

II. Organic Agriculture Program
• Ms. Melanie B. Cortez, City of Sto. Tomas, Batangas

III. Corn and Cassava Program
• Mr. William R. Lopez Jr., Guinayangan, Quezon

IV. High Value Crops Development Program
• Ms. May Lyn J. Reyes, Ctiy of Calamba, Laguna

V. Livestock Program
• Mr. Jay Carlo F. Almendraz, Talisay, Batangas

VI. 4H Club
• Ms. Corazon F. Calabia, OPA Laguna

VII. Rural Based Organization
• Ms. Frene C. Dela Cruz, OPA Laguna


VIII. Farm Business School
• Mr. Sherwin M. Rimas, City of Tanauan, Batangas

## Paglulunsad ng 2 Coffee Table Books: Agriculturally Awesome at saRiLing ATIn

Jamila Monette B. Balmeo

SILANG, Cavite – Ipinagdiwang ng Agricultural Training Institute (ATI) CaLaBaRZon ang paglulunsad ng dalawang libro, Agriculturally Awesome: A Regional Farm Tourism Travel Guide at saRiLing ATIn: 25 Promising Native Plants of the Philippines noong ika – 19 ng Setyembre 2019 sa Teofely Nature Farms Inc., isa sa mga Extension Service Provider (ESP) ng ahensya. Mahigit isandaang panauhin mula sa local at national media, bloggers, Department of Tourism (DOT) accredited farm tourism sites, ATI Regional Network of Training Centers at iba pang sangay ng gobyerno ang dumalo para makiisa sa selebrasyon. Kinilala ni G. Joseph Francisco R. Ortega, Regional Director ng DOT IV-A, ang pagsisikap ng mga farm tourism sites sa pagpapayabong ng industriya sa rehiyon. Kaalinsabay, ipinahayag ni G. Ortega ang suporta sa pagpapalaganap ng farm tourism sa bansa, "our farm tourism sites have become the benchmark and the standard of excellence in farm tourism in the country, promoting environment-friendly, efficient and sustainable farm practices and offering health and wellness services with high-quality farm-produced food. These are notable models of farm tourism development that everyone should emulate. DOT is continuously thinking ways to further support farm tourism in the country."

Dagdag pa rito, binanggit ni Gng. Marites Piamonte – Cosico, Center Director ng ATI CaLaBaRZon, ang iba't ibang mga gawain sa isang farm tourism site, "Ang agri-tourism, patuloy din itong nagbabago. Noon agri-tourism equals to field visits o simpleng pag-iikot sa mga farms. Kumpara sa ngayon na ang agri-tourism ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng interactive activities sa mga farms katulad ng glamping, paggawa ng mga concoctions, paggawa ng mga tsaa o yung simpleng pagpapakain ng mga hayop sa farms."




Nakapaloob sa Agriculturally Awesome ang tatlumpung DOT accredited farm tourism sites sa CaLaBaRZon, listahan ng mga Learning Sites for Agriculture (LSAs), Schools for Practical Agriculture at ESPs ng ATI CaLaBaRZon, regional festivals, delicacies, commodities ng Magsasaka Siyentista at Farmers Information and Technology Services (FITS) Center. Samantala, nilalaman naman ng saRiLing ATIn ang dalawapu't limang katutubong halaman na matatagpuan sa Pilipinas. Kabilang na ang katmon, himbabao, sapinit, at pili.

Bilang bahagi ng paglulunsad ng libro, ilan sa mga bloggers at media ang lumibot sa mga DOT accredited farm tourism sites at ATI certified LSA and ESPs para matutunan ang organikong pagsasaka at maranasan ang iba-ibang farming activities. Bumisita sila sa Teofely Nature Farms, Inc. sa Silang, Cavite, Terra Verde Ecofarm sa Maragondon, Cavite, MoCa Family Farm RLearning Center sa Padre Garcia, Batangas at Forest Wood Garden sa San Pablo City, Laguna.

Ang Agriculturally Awesome ay ang pinagsamang volume 1 at 2 nito. Ang saRiLing ATIn naman ay inilathala sa pakikipagtulungan ng MoCa Family Farm RLearning Center, Regional ESP ng ATI CaLaBaRZon.




Maaaring magtungo sa Tanggapan ng ATI CaLaBaRZon sa Brgy. Lapidario, Trece Martires City, Cavite para sa kopya ng libro o idownload sa official website www.ati.da.gov.ph/ati-4a/publications

Department of Agriculture
Agricultural Training Institute Region IV-A

8575 Camerino Street, Brgy. Lapidario
Trece Martires City, Cavite

(046) 419 0210
www.ati.da.gov.ph/ati-4a/
atirtc4a@gmail.com
www.facebook.com/ATICalabarzon
@aticalabarzon
@aticalabarzon




# Enero - Disyembre 2019 ACCOMPLISHMENTS (Extension Activities)

**Rice**
Extension Activities: **37**
Participants: **1,054**

**HVCDP**
Extension Activities: **25**
Participants: **770**

**ORGANIC**
Extension Activities: **19**
Participants: **891**

**4H**
Extension Activities: **7**
Participants: **217**

**CORN**
Extension Activities: **16**
Participants: **859**

**LIVESTOCK**
Extension Activities: **22**
Participants: **1,511**

**RBO**
Extension Activities: **8**
Participants: **171**

**REGULAR**
Extension Activities: **79**
Participants: **942**

**OTHER EXTENSION ACTIVITIES**
Extension Activities: **47**
Participants: **3,336**

Total Extension Activities: **260**
Total Participants: **9,751**